Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 10 - Modyul 33:
## Pagsunod sa Panuto na may Tatlo-Apat na Gawain



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Filipino – Grade 4
Alternative Delivery Mode
Quarter 1 - Modyul 33: Pagsunod sa Panuto na may Tatlo-Apat na Gawain
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishers*) at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Division of Valencia City
Tagapamahala ng mga Paaralan: Rebonfamil R. Baguio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Madilyn P. Saphlot |
| **Editor:** | Cathyrine D. Melos |
| **Tagasuri:** | Emelita F. Rey, PSDS |
| **Tagalapat:** | Ma. Gelyn G. Zerna<br>Rommel C. Villa |
| **Ilustrador:** | Madilyn P. Saphlot |
| **Layout Artists:** | John Rimmon I. Taquiso |
| **Tagapamahala:** | |
| Chairperson: | Rebonfamil R. Baguio<br>*Tagapamahala ng mga Paaralan* |
| Co-Chairperson: | Eugene I. Macahis, Jr.<br>*Asst. Schools Division Superintendent* |
| Mga Kasapi: | Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES<br>Noemie M. Pagayon, EPS – Filipino<br>Analisa C. Unabia, EPS – LRMS<br>Joan Sirica V. Camposo, Librarian II<br>Israel C. Adrigado, PDO II |

Inilimbag sa Pilipinas ng:

Kagawaran ng Edukasyon-Sanggay ng Lungsod ng Valencia
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

# 4

# Filipino

## Unang Markahan -Linggo 10 - Modyul 33: Pagsunod sa Panuto na may Tatlo-Apat na Gawain

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa pampublikong paaralan. Hinihikayat namin ang mga guro at iba pang nasa larangan ng edukasyon na ipadala ang iyong mga puna, komento at rekomendasyon sa pamamagitan ng email sa Kagawaran ng Edukasyon sa Region10@deped.gov.ph.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon ● Republika ng Pilipinas**

## *Ang Modyul na Ito*

Ang mga panuto ay araw-araw nating napakikinggan at nababasa. Mahalaga na sundin ang mga panuto upang magiging maayos at wasto ang isang gawain.

Ang modyul na ito ay tungkol sa pagsunod sa mga panuto na may tatlo hanggang apat na hakbang gawain.

Halika at alamin natin ang mga panuto na naririnig at nababasa natin.



### *Mga Tala para sa Guro*

May mga piling gawain na mas mainam kung maoobserbahan ng tagapagturo. Mas mapapadali ang pagkatuto sa aralin at sa mga gawain kung mayroong malinaw na gabay ng guro.

## *Alamin*

Sa pagtatapos ng modyul, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

Mga Layunin


1. Natukoy ang mga panuto na may tatlo hanggang apat na hakbang gawain.
2. Nakasusunod sa panutong may tatlo hanggang apat na hakbang gawain.
3. Napahahalagahan ang pagsunod sa mga panuto.


## *Paano matuto sa Modyul na ito:*

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na mga hakbang:

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.

## ***Mga Icons sa Modyul na ito***

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa inyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin. |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan. |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin. |
|  | Suriin | Ito ay ang pagtatalakay sa pamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang iyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang iyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto . |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |



## *Subukin*

Panuto: Basahin ang sumusunod na mga pangungusap. Isulat ang tsek (***/***) kung ang pangungusap ay isang panuto at lagyan ng ekis (**X**) kung ang pangungusap ay hindi panuto.

___ 1. Gumuhit ng bilog. Gumuhit ng puso sa loob nito. Isulat ang pangalan ng iyong paboritong tao sa loob ng puso.

___ 2. Isulat ang pangalan ng iyong kaibigan na lalake sa loob ng parihaba at ang pangalan ng iyong babaeng kaklase sa loob ng bilog.

___ 3. Bumili si Ana ng kanin at ulam sa kantina ng paaralan.

___ 4. Gumuhit ng linya mula sa parihaba patungo sa bilog upang pagdugtungin ito.

___ 5. Ang paru-paro ay masayang lumilipad sa ibabaw rosas.

___ 6. Tumakbo ang aso ng mabilis papunta sa likod ng bahay.

___ 7. Batiin ang mga guro sa umaga na may masaya o kaaya-ayang ngiti.

___ 8. Bakit mabilis tumakbo ang mga aso?

___ 9. Isulat ang iyong kompletong pangalan sa papel.

___ 10. Si Andrew ay matiyaga sa kanyang trabaho.

Tapos ka na ba?

Nahirapan ka ba sa pagsagot sa ating unang gawain o hindi? Huwag mag-alala dahil ang modyul na ito ay makatutulong upang mapaunlad ang iyong kaalaman.

Maaari ka nang tumungo sa Aralin 1.

# Aralin 1 — Pagsunod sa Panuto na may Tatlo-Apat na Gawain

Araw-araw ay may mga direksyon tayong sinusunod. Minsan nababasa natin ang mga ito sa mga karatula o sa piraso ng papel. Minsan naman ay mapakikinggan at nababasa natin sa radyo at telebisyon, sa bahay maging sa silid aralan at paaralan.

Ang paksa na ito ay tatalakay sa mga panuto na may tatlo hanggang apat na hakbang gawain.



## *Balikan*

May mga salita na kadalasang ginagamit sa pagbibigay utos o panuto. Narito ang ilan sa mga salita na ginagamit sa panuto o utos.

Basahin ang mga sumusunod na salita.

| | | |
|---|---|---|
| makinig | maglinis | kanan |
| sumulat | itaas | gitna |
| bumasa | ibaba | likod |
| umawit | kaliwa | harap |



## *Tuklasin*

Basahin ang maikling tula:

Sundin ang Panuto
(Landas sa Wika at Pagbasa 1p.76)

Araw-araw, ating naririnig,
Mga panuto, direksyon sa paligid;
Pumila nang maayos!”
“Makinig sa guro!”
“Magsalita ng malinaw!”
“Linisin ang paligid!”
Mga ginagawa sa bahay man o paaralan,
Magiging maayos kung panuto’y
pakikinggan at susundin.



## *Suriin*

Anu-anong mga panuto ang naririnig o nababasa mo sa araw-araw? Magbigay ng tatlo.

_______________________________________________

Sinusunod mo ba ng wasto ang bawat panuto na napakinggan o nabasa mo?

_______________________________________________

[1] Lydia Liwanag, Landas sa Wika at Pagbasa 1 (Quezon City: Dane Publishing House Inc.,2007),76.

Bakit kailangang sundin ito?

________________________________________________

Ang mga panuto ay maaring mga utos o babala na dapat sundin ng tama at maayos.

Makatutulong sa mabilis, maayos at wastong gawain ang pagsunod ng wasto sa mga panutong nababasa o napakinggan.



## *Pagyamanin*

Basahin ang mga panuto at piliin ang tamang sagot.


1. Isulat at salungguhitan ang iyong buong pangalan sa loob ng kahon.


   A. Kardo P. Dalisay


   B. Ika-apat na Baitang

   C. Juan S. dela Cruz

2. Iguhit at ilagay ang baso sa gitna ng hugis bilog.


   A. 


   B. 

   C. 

3. Magbasa ng aklat habang nakaupo sa harap ng mesa na may plorera.


   A. 



   B. 

   C. 

4. Makinig sa guro habang nakaupo sa loob ng silid aralan.

A. 


B. 

C. 

5. Hugasang mabuti ang mga kamay gamit ang malinis na tubig at sabon sa loob ng 20 minutos.

A. 


B. 

C. 



## *Isaisip*

Ang mga panuto ay mga utos o direksyon na dapat sundin upang maging maayos ang mga gawain. Mapapadali ang mga pang-araw-araw na gawain kung tama ang pagsunod sa mga binigay na panuto o utos.



## *Isagawa*

Panuto: Sundin ang bawat panuto at isulat sa loob ng kahon.

1. Iguhit ang isang maliit na bituin sa loob ng bilog at kulayan ito ng dilaw.

2. Isulat ang salitang Filipino. Isulat ang iyong baitang sa kanang bahagi ng salitang Filipino at bilugan ito.



## *Tayahin*

Gawain 1

Panuto: Basahin at lagyan ng puso (♡) ang mga tamang panuto at ekis (**X)** sa hindi tamang panuto.

_____1. Hugasan ang mga kamay gamit ang malinis na tubig at sabon bago kumain.

_____2. Itapon sa tamang lalagyan ang mga basura sa silid-aralan.

_____3. Maglaro sa loob ng silid sa panahon ng klase.

_____4. Mag-ingay at ikalat ang mga aklat sa loob ng silid-aklatan.

Gawain 2

Panuto: Basahin ang mga sumusunod na pangungusap. Itugma ang mga larawan sa hanay A sa mga pangungusap na nasa hanay B.

Hanay A

5. 

6. 

7.

A B C D E F G H I J
K L M N O P Q R S
T U V W X Y Z

Hanay B

A. Umupo ng maayos habang nakikinig sa klase.

B. Batiin at magmano sa mga nakakatanda pagdating at bago umalis ng bahay.

C. Isulat ang alpabeto. Salungguhitan ang (5) limang patinig at bilugan ang huling titik.

8. 

9. 

10. 

D. Ayusin at ilagay ang mga aklat sa ibabaw ng mesa sa loob ng silid.

E. Diligan ang mga halaman at walisin ang mga tuyong dahon sa bakuran.

F. Maligo at maglinis ng katawan araw-araw.

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Basahin at sundin ang bawat panuto.

1. Matulog sa tamang oras.
2. Kumain ng sari-saring gulay at prutas.
3. Uminom ng walong basong tubig araw-araw.
4. Manatili sa bahay at sundin ang mga babala.
5. Iwasan ang paghawak sa iyong mata at ilong.
6. Uminom ng mga bitamina at minerals para sa katawan.
7. Umiwas sa mga tao na may sintomas ng ubo, sipon, at lagnat.
8. Takpan ang bibig at ilong kapag uubo at babahin gamit ang panyo o tisyu.
9. Mag-ehersisyo araw-araw upang mapalakas ang resistensya ng katawan.
10. Palaging maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig o gumamit ng alkohol.

## *Susi sa Pagwawasto*

| Subukin |
|---|
| 1./ |
| 2./ |
| 3.x |
| 4./ |
| 5.x |
| 6.x |
| 7./ |
| 8.x |
| 9./ |
| 10.x |

| Pagyamanin |
|---|
| 1.A |
| 2.A |
| 3.B |
| 4.B |
| 5.C |

| Isagawa |
|---|
| 1. ☆ |
| 2.Filipino ④ |

| Tayahin |
|---|
| 1. ♡ |
| 2. ♡ |
| 3. X |
| 4. X |
| 5.B |
| 6.A |
| 7.C |
| 8.D |
| 9.E |
| 10.F |

## ***Mga Sanggunian:***


Abellera, Lorenza. Diwang Makabansa 5. Marikina City: J.C. Palabay Enterprises, 1995.

Liwanag, Lydia. Landas sa Wika at Pagbasa 1 Textbook. Quezon City: Dane Publishing House Inc. 2007.

“Pagsunod sa Panuto.” Accessed 18 June 2020. https://www.rexinteractive.com/UserFiles/IM/Pointers-Filipino-1/2nd%20Qtr%20Filipino%202.pdf

Para sa anumang katanungan o puna, maaring ipadala sa pamamagitan ng sulat o tumawag sa:

Kagawaran ng Edukasyon- Sangay ng Lungsod ng Valencia

Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615